

## Mga Pamantayan sa Pagtatrabaho sa Ontario

Pinoprotektahan ng Batas sa Mga Pamantayan sa Pagtatrabaho, 2000 (*Employment Standards Act (ESA), 2000*) ang mga empleyado at naglalagat ito ng mga pinakamababang pamantayan para sa karamihan sa mga lugar na pinagtatrabahuan sa Ontario.

Pinagbabawalan ang mga employer na parusahan ang mga empleyado sa anumang paraan dahil sa paggamit sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng ESA.

**FAIR AT  
WORK  
ONTARIO**

# Ang kailangan ninyong malaman

### Pinakamababang sahod

May karapatan ang karamihan sa mga empleyado na mabayaran nang hindi bababa sa pinakamababang sahod. Para sa mga kasalukuyang rate, bisitahin ang: [Ontario.ca/minimumwage](https://www.ontario.ca/minimumwage).

### Mga oras ng pagtatrabaho at overtime

May mga pang-araw-araw at lingguhang limitasyon sa mga oras ng pagtatrabaho, at mga panuntunan sa mga oras ng pagkain, pahinga, at overtime.

### Mga pampublikong pista opisyal

May ilang pampublikong pista opisyal ang Ontario bawat taon. May karapatan ang karamihan sa mga empleyado na lumiban sa trabaho sa mga araw na ito at mabayaran para sa pagpasok sa araw ng pampublikong pista opisyal.

Matuto pa tungkol sa iyong mga karapatan sa:

**[Ontario.ca/employmentstandards](https://www.ontario.ca/employmentstandards)**

**1-800-531-5551 o TTY 1-866-567-8893**

 @ONlabour  @OntarioMinistryofLabour

### Panahon ng bakasyon at bayad dito

Nakakaipon ang karamihan sa mga empleyado ng panahon ng bakasyon pagkatapos ng bawat 12 buwan ng pagtatrabaho. Mayroong mga panuntunan sa halaga ng bayad sa bakasyon na kinikita ng isang empleyado.

### Paunawa at kabayaran sa pagpapaalis

Kadalasan, dapat magbigay ang mga employer ng paunang nakasulat na paunawa kapag nagpapaalis sa trabaho at/o kabayaran sa pagpapaalis sa halip na paunawa.

### Mga pagliban

Mayroong ilang pagliban na pinoprotektahan sa pagtatrabaho sa Ontario. Kabilang sa mga halimbawa ang pagliban dahil sa pagbubuntis, pagiging magulang, pagiging tagapag-alaga sa pamilya, personal na pagliban dahil sa emergency (may bayad at walang bayad) at paglibang may kinalaman sa sekswal na karahasan at/o karahasan sa tahanan (may bayad at walang bayad).

### Iba pang karapatan sa trabaho, pagbubukod, at espesyal na panuntunan

Mayroong iba pang karapatan, pagbubukod at espesyal na panuntunang hindi nakalista sa poster na ito, kabilang ang mga karapatan sa kabayaran para sa pagkawala ng trabaho at mga espesyal na panuntunan para sa mga empleyadong itinalaga ng mga ahensiya ng pansamantalang tulong.



Mag-subscribe upang hindi mapalampas ang mga pinakabagong balita na makakaapekto sa iyo at sa iyong pinagtatrabahuan:  
[Ontario.ca/labournews](https://www.ontario.ca/labournews)